# IPINANUMBALIK ANG MGA KARAPATAN SA PAGBOTO

Mga Taong May Dating Hatol na Pagkakasala sa Krimen

## Mayroon kang mga karapatan sa pagboto!

★ ★ ★ ★

### Pwede kang magparehistro at bumoto kung ikaw ay:

- Citizen ng United States (Estados Unidos, U.S.) at residente ng California
- Hindi kasalukuyang natagpuan ng hukuman na walang kakayahan ang pag-iisip na bumoto.
- 18 taong gulang o higit pa sa Araw ng Halalan
- Hindi kasalukuyang nagbubuno ng sentensya pang-estado o pederal na bilangguan para sa kasong felony

### Kung natutugunan mo ang mga kinakailangang ito, maaari kang bumoto kahit na ikaw ay:

- Nahatulan ng misdemeanor (hindi ka kailanman mapipigilang pagboto nang dahil sa misdemeanor)
- Nabigyan ka ng parole o nasa probation ka
- Napapailalim sa post-release community supervision (binabantayan ka sa komunidad pagkatapos lumaya, PRCS)

## Magparehistro o magparehistrong muli ngayong araw para bumoto!

Kung nagparehistro ka para bumoto at nahatulan ng felony, maaaring makansela ang dati mong pagpaparehistro.

Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang **votingrightsrestored.sos.ca.gov** o tumawag sa Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957.

Para sa mga karagdagang mapagkukunan, mangyaring makipag-ugnayan sa iyong lokal na tanggapan sa mga halalan ng county. **I-scan ang QR Code para sa mga lokal na tanggapan ng county.**

VOTE CALIFORNIA
www.sos.ca.gov

**Shirley N. Weber, Ph.D.**
California Secretary of State

# IPINANUMBALIK ANG MGA KARAPATAN SA PAGBOTO

Mga Taong May Dating Hatol na Pagkakasala sa Krimen

**Ikaw ba ay nakulong? Maaaring kwalipikado kang bumoto.**

## PAANO MAGPAREHISTRO UPANG BUMOTO

- Maaari kang humiling ng papel na card sa pagpapareh istro ng botante mula sa Kalihim ng Estado o sa tanggapan ng mga halalan ng iyong county
- Magagamit ang mga card sa pagpapareh istro ng botante at mga materyales sa pagboto sa English, Chinese, Hindi, Japanese, Khmer, Korean, Spanish, Tagalog, Thai, at Vietnamese.
- Pwede kang magparehistro upang bumoto online sa registertovote.sos.ca.gov o sa pamamagitan ng pag-scan sa QR Code sa ibaba.

## ANG IYONG MGA KARAPATAN SA PAGBOTO

- Kung ikaw ay nasa kulungan at kwalipikado kang bumoto, may karapatan kang tumanggap ng card sa pagpapareh istro ng botante.
- Kung kasalukuyan kang nagbubuno ng sentensya ng pagkakakulong mula sa estado o pederal na pamahalaan para sa hatol sa pagkakasala sa krimen sa isang pang-estadong kulungan, pederal na kulungan o lokal na pasilidad para sa detensyon, maipapanumbalik ang iyong karapatang bumoto kapag natapos mo nang magbuno para sa sentensya mo.
  — Magpapadala ang iyong county ng abiso na nagkukumpirma sa pwede kang magparehistro o muling magparehistro para bumoto.

## MGA TANONG AT MAPAGKUKUNAN

Kung hindi ka nakakatiyak kung anong uri ng sentensya ang binubuno mo, magtanong sa tauhan sa iyong pasilidad ng pagwawasto.

## HOTLINE PARA SA BOTANTE NG KALIHIM NG ESTADO NG CALIFORNIA

| | |
|---|---|
| English | (800) 345-VOTE (8683) |
| Spanish / Español | (800) 232-VOTA (8682) |
| Chinese / 中文 | (800) 339-2857 |
| Hindi / हिंदी | (888) 345-2692 |
| Japanese / 日本語 | (800) 339-2865 |
| Khmer / ខ្មែរ | (888) 345-4917 |
| Korean / 한국어 | (866) 575-1558 |
| Tagalog | (800) 339-2957 |
| Thai / แบบไทย | (855) 345-3933 |
| Vietnamese / Việt ngữ | (800) 339-8163 |
| TTY/TDD | 711 |

Pwede kang magparehistro upang bumoto online sa registertovote.sos.ca.gov. **I-scan ang QR Code para magparehistro upang bumoto**